

Para sa mga katanungan
CHUO LABOUR BANK Libreng tawag para sa pagkumpirma ng
transaksyon
TEL 0120-535-655
Oras ng pagtanggap Weekday 9:00-18:00
(Hindi kasama ang Sabado, Linggo at holiday)
*Wikang Hapon lamang
Pakisabi ang reference number sa ibaba tuwing tatawag.
Reference Number : X X X X X X X X X X



Sa aming mga kliyente,

Pakiusap para sa kooperasyon ukol sa pagkumpirma ng Status of Residence at layunin ng transaksyon

Salamat sa patuloy na pagtangkilik sa Chuo Labour Bank.

Buhat ng lumalalang banta ng krimen at terorismo sa pandaigdigang komunidad, ang Chuo Labour Bank ay gumagawa ng mga hakbang laban sa money laundering at pagpopondo sa terorism na ginagamit ang serbisyong pinansyal sa maling paraan.

Kami ay nagpapatupad ng mga hakbang upang pigilan ang money laundering ng mga pondong nalikom mula sa krimen sa amamagitan ng mga bank account, at iba pa, at kinukumprima namin ang mga karagdagang impormasyon ng kliyente ayon sa nilalaman at status ng transaksyon ng kliyente.

Para sa mga dokumentong naipadala, mangyari lamang na punan sa wikang Hapon ang «Request para sa kumpirmasyon ng layunin ng transaction atbp» (harap at likod), at sa likod ay idikit ang kopya ng Residence Card (harap at likod. Mangyari lamang na ilakip ito sa isang return envelope at ipadala pabalik sa amin hanggang sa deadline ng pagsumite.

Kung ang bisa ng tagal ng pananatili ay mas maikli sa tatlong buwan, ang gagamitin ay ang a-renew na residence card na nakasulat ang bagong petsa ng pagkawalang bisa (kung ang tagal ng pananatili ay pahahabain).

Kung hindi naman pahahabain ang tagal ng pananatili, mangyari lamang na magsadya sa isang tanggapan ng Chuo Labour Bank at ipasara ang bank account.

Maaaring malimitahan ang transaksyong maaring gawin kapag hindi namin natanggap ang inyong kasagutan hanggang sa takdang araw ng pagsusumite. kaya mangyari lamang na ipadala pabalik sa amin ang mga dokumento.

Bukod pa rito, batay sa nilalamang deklarasyon ng dokumentong ito, papalitan ang mga nilalamang inirehistro sa Chuo Labour Bank. Dagdag pa rito, sa wikang Hapon lamang sasagutin ang mga katanungan.

Takdang petsa ng pagsusumite

Y Y Y Y taon MM buwan DD araw



angyaring ipadala ang kopya (harap at likod) ng na-renew na residence card sa Chuo Labour Bank.

Maaring gamitin ang QR code o URL na ito para sa mga kilyenteng nais ng

halimbawa bukod sa wikang Hapon.

※Ang QR code na ito ay rehistradong tatak-kalakal ng Denso Wave K. K.

For sample entries in languages other than Japanese, please access the provided QR code or URL.

URL : https://chuo.rokin.com/aboutus/safetrade/laundrying/confirmation_sample/



Paraan ng pagsumite

Unang hakbang

Mangyari lamang na punan ang mga patlang ng layunin ng transaksyon sa «Request para sa pagkumpirma ng layunin ng transaksyon, atbp.»




Ikalawang hakbang

Mangyari lamang na magdikit ng kopya (harap at likod) ng inyong Residence Card sa patlang para sa “貼るところ (pagdidikitan)” ng «Request para sa pagkumpirma ng layunin ng transaksyon (likod)».


* Kung ang bisa ng tagal ng pananatili ay mas maikli sa tatlong buwan, ang gagamitin ay ang a-renew na residence card na nakasulat ang bagong petsa ng pagkawalang bisa (kung ang tagal ng pananatili ay pahahabain).

* Mangyaring tandaan na kailangang magsumite muli kung ang naidikit na card ay yung bago mag-renew.



Ikatlong hakbang

Pakilakip sa isang return envelope ang «Request para sa pagkumpirma ng layunin ng transaction atbp» at i-mail ito sa post office.



Mga tanong at sagot tungkol sa kumpirmasyon ng Status of Residence at layunin ng transaksyon

Ang dokumentong ito ay ipinapadala bilang hakbang laban sa money laundering at sa pagpopondo sa terorismo.

Inipon namin ang mga pinakamadalas tanungin ukol sa pagdedeklara ng impormasyon ng kliyente, kaya mangyari lamang na basahin ang mga ito bago magsumite.

Q 1

Bakit kailangang ipakitang muli ang aking residence card?

A 1

Ang mga hakbang laban sa money laundering at pagpondo sa terorismo ay nagiging napakahalaga sa mga nakalipas na taon, at batay sa “mga alituntunin sa mga hakbang laban sa money laundering at pagpopondo sa terorismo” na inanunsyo ng Ahensya ng Serbisyong Pinansyal noong Pebrero 2018, bukod sa pagsisimula ng mga bagong transaction sa mga kliyente, at maging sa mga kliyenteng may existing nang mga transaksyon, depende sa nilalaman at kalagayan ng transaksyon, ipinapatupad din ng Chuo Labour bank ang pagkumpirma sa layunin ng transaksyon, mga impormasyon tungkol sa kliyente atbp. sa pamamagitan ng mga counter sa tanggapan o sa koreo. Mula noong ika-19 ng Agosto 2019, nagpaskil kami ng mga impormasyon sa aming website at mga tanggapan, at mula noong ika-25 ng Nobyembre 2019, binago namin ang aming mga patakaran sa deposito, at hinihingi namin ang kooperasyon ng mga banyagang residente sa pagkumpirma ng kanilang “Status of residence”, “Tagal ng pananatili (pagkawalang-bisa)”, nasyonalidad at layunin ng transaksyon bago ang pagkawalang bisa ng tagal ng pananatili

Q 2

Anong mangyayari kapag hindi ko naipakita ang aking residence card hanggang sa deadline ng pagsumite?

A 2

Mangyari lamang na tandaan na ang mga transaksyon ay maaaring malimitahan kung hindi maipapakita ang inyong Residence Card (pagbabalik sa dokumentong ito) kung hundi muling maipapakita ang Residence Card hanggang sa deadline ng pagsumite.

Q 3

Kailangan ko pa rin bang magsumite ng mga dokumente kahit na nakakuha na ako ng permanent residency?

A 3

Kinukumpirma rin ang status of residence ng mga permanenteng residente kaya mangyari lamang na magsumite pa rin kahit na nakakuha na kayo ng permanent residency.

Q 4

Maaari ko pa rin bang panatilihin ang aking account kung hindi ko na pahahabain pa ang panahon ng aking pananatili?

A 4

Ang mga transaksyon sa Chuo Labour Bank ay, ayun sa tuntunin, mga serbisyo para sa mga kliyenteng naninirahan sa Japan. Kung hindi na pahahabain pa ang tagal ng pananatili, mangyari lamang na magsadya sa aming tanggapan at ipasara ang inyong account. Mangyari lamang na tandaan na kung hindi ninyo ipapasara ang inyong account, maaaring malimitahan ang inyong mga transaction sa hindi muling pagpapakita ng inyong Residence Card.



取引目的等確認のお願い(表)

はんじゅうしょへんこうとどけ (兼住所変更届)

しよるい なまえ
この書類で名前の
へんこう
変更はできません。

- この書面に記入したお客さまの個人情報、継続的な取引における管理にあたって利用し、<ろうきん>が責任をもって厳格に管理します。なお、<ろうきん>の個人情報取扱方針(プライバシーポリシー)は、店頭およびホームページに掲載しています。
- お客さまおよび親族の方に外国PEPs(外国政府等において重要な公的地位にある方)に該当する方がいるときは、別途<ろうきん>に連絡してください。

あか ふとせん なか
赤い太線の中をボールペンで記入し、裏に署名および在留カードのコピーを貼ってください。

しよるい ないよう
この書類の内容は ねん 年 がつ 月 日現在のものです。

(1) 記入日 20 年 月 日

1 お客さまの住所などについてお聞きします。

お客さまについては、以下のとおり届出をしています。
「住所」「電話番号」を確認のうえ、「変更あり」のときは、チェックしてください。

名前 Name	フリガナ		
生年月日 Date of birth	年	月	日
(2) 住所 Address	〒		
(3) 電話番号 Telephone No.	<input checked="" type="checkbox"/> 変更あり Change	じたく けいたい 自宅(携帯)	
	<input checked="" type="checkbox"/> 変更あり Change	けいたい 携帯	

⚠ 「変更あり」の方 変更後の内容を以下に記入してください。↘

名前 Name	* 名前の変更は受付できません。変更があるときは、最寄りの営業店で手続きください		
(4) 住所 Address	〒 -		
(5) 電話番号 Telephone No.	じたく 自宅	()	けいたい 携帯 ()

2 取引目的についてお聞きします。

取引目的については、以下のとおり申告をしています。確認のうえ、「変更あり」のときは、チェックしてください。

取引目的 Purpose of dealings	<input checked="" type="checkbox"/> 変更あり Change	(6)
-----------------------------	--	-----

⚠ 「変更あり」の方 変更後の内容を以下にチェックしてください。↘

(7) <ろうきん>と取引をしている目的として、あてはまる項目にチェックしてください。
(複数あてはまるときは、すべてにチェックしてください)。

- ① 生活費決済(01)
- ② 事業費決済(02)
- ③ 給与/年金受取(03)
- ④ 貯蓄/資産運用(04)
- ⑤ 融資(借入)(05)
- ⑥ その他(06) ()

取引目的等確認のお願い(裏)

3 お客さまの職業などについてお聞きします。 Place of employment

勤務先名・職業・勤務先電話番号については、以下のとおり申告しています。
 確認のうえ、「変更あり」のときは、チェックしてください。

勤務先名・職業
 Name・Occupation
 勤務先電話番号
 Telephone No.

変更あり
 Change

(8)

(9)

(10)

⚠ 「変更あり」の方 変更後の内容を以下にチェックおよび記入してください。
 職業・勤務先名・勤務先電話番号は全て記入してください。➡

お客さまの職業について、以下より選んだうえ、あてはまる項目にチェックしてください。

(11)

職業
 Occupation

- ① 会社員(01) ② 公務員(02) ③ 団体役員(04) ④ パート・アルバイト・派遣社員・契約社員(05)
 ⑤ 主婦(主夫)(06) ⑥ 学生(07) ⑦ 退職された方/無職の方(08) ⑧ 会社役員(09)
 ⑨ その他(10)()

(12)

勤務先名
 Name

(13)

勤務先電話番号
 Telephone No.

()

4 申告内容に関する同意

この書類に記入した申告内容は、間違いありません。

(14)

署名
 Signature

5 「在留カード」のコピー(表と裏)を貼ってください。 Please paste a copy of your residence card

(15)

のりしろ

貼るところ



表

のりしろには貼ってください。



裏

のりしろには貼ってください。

⚠ 日本国籍を取得されたお客さまは、「日本国のパスポート」「帰化者の身分証明書」「本籍が書いてある住民票・戸籍謄本」いずれかのコピーをつけてください(貼付不要)。

労働金庫使用欄

検印

取扱

処理日

Paano punan ang “Request para sa kumpirmasyon ng layunin ng transaksyon, atbp.”

Mga paalala

- Maaaring magsulat sa wikang Hapon man o Romaji
- Kung may kahit anong maling impormasyon, maaaring pwersahang isara ang account o limitahan ang mga transaksyon, kaya mangyari lamang na isulat ang tamang impormasyon.
- Pakihanda ang inyong “Residence Card” kapag susulatan na ang form.
- Kung may kailangang itamang impormasyon, guhitan ng dalawang linya ang mga letrang kailangang itama at magsulat sa itaas na margin.

(1) Isulat ang petsa.

(2) I-check kung may pagbabago sa rehistradong adres, at kung may babaguhin, i-check ang kahon na “May babaguhin”.

* Huwag lagyan ng check kung walang babaguhin

* Kung hindi alam ang naitalang adres sa wikang Hapon, lagyan ng check ang “May pagbabago” at magpatuloy sa (4).

(3) I-check kung walang pagbabago sa nakarehistrong numero ng telepono, at kung may pagbabago, i-check ang “May pagbabago”.

* Wag lagyan ng check kung walang babaguhin.

(4) Kung nilagyan ng check ang “May pagbabago” sa (2), pakisulat ang bagong adres.

* Kung may mga kontrata sa mg account na hindi binubuwisan (Maruyu, Marutoku, Maruzai), investment trusts o kaya government bonds, defined contribution pension plan, ndividual annuity insurance, atbp., ito ay nangangailangan ng iba pang proseso.

* Kung hindi kayang magsulat sa wikang Hapon o Romaji, hindi na ito kailangan pang punan dahil ang adres ay babaguhin base sa “place of residence” na nakasulat sa inyong residence card.

(5) Kung nakacheck ang “May pagbabago” sa (3), pakisulat ang bagong numero ng telepono.

(6) Paki-check kung may pagbabago sa layunin ng transaction sa Chuo Labour Bank, at kung mayroon, pakilagyan ng check ang “May pagbabago”.

* Huwag lagyan ng check kung walang babaguhin

* Kung ang nilalaman ng deklarasyon ay “* * * (walang deklarasyon)” o kaya “Iba pa”, pakilagyan ng check ang “May pagbabago”.

Nilalaman	
Wikang Hapon	Tagalog
* * * (申告なし)	* * * (walang deklarasyon)
生活費決済	Pagsasaayos ng mga gastusin sa pamumuhay
事業費決済	Pagsasaayos ng mga gastusin sa negosyo
給与／年金受取	Sahod/Pagtanggap ng pensyon
貯蓄／資産運用	Pamamahala ng ipon/asset
融資 (借入)	Pagpopondo/pag-utang
その他	Iba pa

(7) Kung may check ang “May pagbabago” sa (6), pakilagyan ng check ang mga applicable na item bilang layunin ng pakikipagtransaksyon sa Chuo Labour Bank (Maaring mamili ng higit pa sa isa).

① Pagsasaayos ng mga gastusin sa pamumuhay ② Pagsasaayos ng mga gastusin sa negosyo

③ Sahod/Pagtanggap ng pensyon ④ Pamamahala ng ipon/asset ⑤ Pagpopondo/pag-utang

⑥ Iba pa

* Kung ang pinili ay “Iba pa”, pakilagay ang layunin ng transaksyon nang detalyado sa loob ng panaklong.

* Kung hindi ninyo kayang isulat sa wikang Hapon man o Romaji, pakisulat sa inyong sariling wika.

(8) Paki-check kung walang pagbabago sa “Pangalan ng pinagtatrabahuhan”, at kung mayroon, pakicheck ang “May pagbabago”.

* Kung natanggap ang dokumentong ito sa pamamagitan ng inyong pinagtatrabahuhan, ito ay “walang pagbabago”, kaya huwag lagyan ng check ang “May pagbabago”. Kung natanggap ito sa pamamagitan ng koreo, pakicheck ang “May pagbabago” at tumuloy sa (12) kung hindi alam ang pangalan ng pinagtatrabahuhan sa sulat ng wikang Hapon.

(9) Paki-check kung walang pagbabago sa “Hanapbuhay” na nakasulat, at kung may pagbabago, pakilagyan ng check ang “May pagbabago”.

* Huwag lagyan ng check kung walang pagbabago.

* Kung ang nilalaman ng deklarasyon ay “ * * * walang deklarasyon”, o kaya “Iba pa”, pakilagyan ng check ang “May pagbabago”.

Nilalaman	
Wikang Hapon	Tagalog
* * * (申告なし)	* * * (walang deklarasyon)
会社員	Empleyado
公務員	Lingkod-bayan
自営業	May sariling negosyo
団体役職員	Opisyal at empleyado ng isang organisasyon
パート・アルバイト・派遣社員・契約社員	Part-time na empleyado, panandaliang empleyado, naka-kontratang empleyado
主婦 (主夫)	Housewife o househusband
学生	Mag-aaral
退職者 / 無職	Retirado/Walang trabaho
会社役員	Executive ng isang kumpanya
その他	Iba pa

(10) Paki-check kung walang pagbabago sa nakatalang numero ng telepono sa pinatratrabahuhan, at lagyan ng check ang “May pagbabago” kung mayroon.

* Huwag lagyan ng check kung walang pagbabago.

(11) Kung may check sa “May pagbabago” sa 9, pakilagyan ng check ang bagong Hanapbuhay”.

- ① Empleyado ② Lingkod-bayan ③ Opisyal at empleyado ng isang organisasyon ④ Part-time na empleyado, panandaliang empleyado, naka-kontratang empleyado ⑤ Housewife o househusband ⑥ Mag-aaral ⑦ Retirado/Walang trabaho ⑧ Executive ng isang kumpanya ⑨ Iba pa

* Kung may check ang (9) “Iba pa”, pakisulat ang inyong hanapbuhay nang detalyado sa loob ng panaklong.

Kung hindi ninyo kayang isulat sa wikang Hapon man o Romaji, pakisulat sa inyong sariling wika.

(12) Kung may check ang “May pagbabago” sa (8), pakisulat ang pangalan ng bagong pinagtatrabahuhan sa “Pangalan ng pinagtatrabahuhan”.

* Kung hindi ninyo kayang isulat sa wikang Hapon man o Romaji, pakisulat sa inyong sariling wika.

(13) Kung may check sa (10), pakisulat ang bagong “Numero ng telepono sa pinagtatrabahuhan”.

(14) Pakipirmahan matapos kumpirmahing walang mali sa mga nilalaman ng deklarasyon.

(15) Pakidikit ang kopya ng inyong residence card (harap at likod) sa “貼るところ (pagdidikitan)”.

* Kung ang bisa ng tagal ng pananatili ay mas maikli sa tatlong buwan, pakidikit ang kopya (harap at likod) ng Residence Card pagkatapos ma-renew o mapahaba ang tagal ng pananatili.

* Huwag idikit ang misomg Residence Card.

* Para sa mga kliyenteng naging mamamayang Hapon, mangyari lamang na maglagay ng kopya ng “Pasaporteng Hapon” o kaya “ID card ng naturalisadong mamamayan” o kaya “Sertipiko ng paninirahan na nakatalang paninirahan o kopya ng rehistro ng pamilya”

Pakikumpirmang muli sa huling pagkakataon.	<ul style="list-style-type: none">• Na-check na ba lahat ng item?• Kung nalagyan ng check ang “May pagbabago”, kumpleto na bang napunan ang mga bagong nillaman?• Naidikit na ba ang kopya (harap at likod) ng inyong Residence Card?
--	---